Mga Paalaala ukol sa muling pagbubukas ng Eskwelahan mula Elementarya hanggang Senior Highschool tugon sa COVID 19

Ang Hokkaido Board of Education ay nagpahayag ng mga paalaala upang maiwasan ang pagkahawahan sa muling pagbubukas ng mga eskwelahan at maging ligtas ang bawat estudyante sa pagsasagawa ng mga aktibidades. Ito ay ang mga sumusunod.

1 Pangunahing Pamamaraan sa pag iwas sa impeksyon

(1) Kasulatan tungkol sa kondisyon ng kalusugan ng estudyante「Kenkou Kansatsu sheet」 Ito ay ibigay sa guro araw-araw upang malaman ang kondisyon ng kalusugan ng mga estudyante.

(2) Ugaliing maghugas ng mga kamay, sundin ang wastong etiketa sa pag ubo at pagbahing, magsuot ng facemask upang iwasan ang pagkalat ng droplets sa loob ng eskwelahan.

(3) Panatilihin ang tamang temperatura ng silid aralan. Sa oras ng pahinga, buksan ang mga bintana upang mapalitan ang hangin sa loob nito. Ito ay ugaliing gawin nang madalas.

(4) Gumamit ng alcohol sa loob ng eskwelahan.

2 Mga Paalaala ukol sa pagsasagawa ng mga Aktibidades

(1) Ukol sa pagsasagawa ng pag aaral

(a) Iwasan ang pag sigaw habang nagtuturo at ang pagsasalita nang sabay-sabay.

(b) Iwasan na magkaharapan ang bawat estudyante.

(2) Ukol sa pagkain sa loob ng eskwelahan

(a) Maglagay ng panyo sa ibabaw ng mesa habang kumakain upang magamit kung sakaling uubo o babahing. Panatilihin ang wastong etiketa sa pag ubo at pagbahing.

(b) Punasan ang mesa bago ihapag ang pagkain.